



# ERBUHAY

(english edition: [www.verbuhaymagasin.com](http://www.verbuhaymagasin.com))

GABAY SA BIBLE SHARING

DAKILANG KAPISTAHAN NG PAGHAHARI NI KRISTO SA SANLIBUTAN (B) • NOBYEMBRE 25, 2018

## **Mabuhay! Parating na ang Tunay na Alagad...**

(Pambungad na Panalangin)

### **I. ANG TATLONG PAGBASA**

#### **UNANG PAGBASA (Dan 7:13-14)**

<sup>13</sup>SAMANTALANG ako’y namamahinga sa gabi, patuloy ang aking pangitain. Ang nakita ko naman ay isang tila **taong** naka-sakay sa ulap. Bumaba ito at lumapit sa **nabubuhay magpakailanman**. <sup>14</sup>Binigyan siya ng kapamahalaan, ng karangalan, at ng kaharian. Siya ay paglilingkuran ng lahat ng tao, bansa, at wika. Ang pamamahala niya ay di matatapos at hindi babawiin, at hindi mawawasak ang kanyang kaharian.

Tema: **Ang Anak ng Tao**

#### **PAGPAPALIWANAG**

- Ang pagbasang ito ay galing sa Aklat ni Daniel, bahagi ng tinatawag na “*apocalyptic literature*” o panitikang ang tema ay apocalipsis.
- Tungkol ito sa “Anak ng Tao” (Ang Tao).
- Inilarawan siya sa pangitain ni Daniel bilang: bumababa na tila nakasakay sa ulap; lumapit sa nabubuhay kailanman (ang Ama) na siyang nagbigay sa kanya ng kapamahalaan, karangalan, at kaharian; paglilingkuran siya ng lahat ng tao.



- Ganito naman inilarawan ang kanyang kaharian: ‘di matatapos ni babawiin.

#### **PAGNINILAY**

Madaling makita ang pokus ng teksto sapagkat ipinagdiriwang natin ang Dakilang Kapistahan ng Kristong Hari. Kailangan lang nating maging sensitibo sa lahat ng nauukol kay Kristong ating Hari.

Umiikot ang buong Pagbasang ito sa “Anak ng Tao.”

Siya’y mula sa langit; kung gayo’y hindi siya isang pangkaraniwang tao lamang.

Nasa sa kanya ang kapangyarihan at lahat ay nasasaklawan ng kanyang paghahari.

Ang kanyang kaharian at nasasakupan ay walang hanggan. Walang kahit isang kaharian o kapangyarihan ng mundong ito ang makakatalo sa kanya.

Para sa ating mga Kristiyanong, ang “Anak ng Tao” na ito ay walang iba kundi si Hesukristo na kinikilala nating ating Hari.

Ang paglalarawan sa Anak ng Tao ay tumpak sa katauhan ni Hesukristo.

## **SALMONG TUGUNAN (Slm 92)**

### **PANGINOO’Y NAGHARI NA! ANG DAMIT N’YA’Y MAHARLIKA**

#### **IKALAWANG PAGBASA (Pag 1:5-8)**

<sup>5</sup>Sumainyo ang pagpapala at kapayapaan mula kay Hesukristo, ang tapat na saksi, ang unang nabuhay sa mga patay, at Hari ng mga hari sa lupa.

<sup>6</sup>Iniibig niya tayo, at sa kanyang pagkamatay ay pinalaya niya tayo mula sa ating mga kasalanan. Ginawa niya tayong isang liping maharlika upang maglingkod sa Diyos at kanyang Ama bilang mga saserdote. Kay Hesukristo ang kapurihan at kapangyarihan magpakailanman! Amen. <sup>7</sup>Pakatandaan ninyo, darating siyang nasa mga alapaap, makikita ng lahat, pati ng umulos sa kanyang tagiliran; dahil sa kanya, iiyak ang lahat ng lipi sa lupa. Magkakagayon nga. Amen.

<sup>8</sup>“Ako ang Alpha at ang Omega,” wika ng Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat, Diyos sa kasalukuyan, sa nakaraan, at siyang darating.

Tema: **Si Hesukristo**

#### **PAGPAPALIWANAG**

- Pagmasdan ang mga titulo (mga paglalarawan) ni Kristo: tapat na saksi; ang unang nabuhay sa mga patay; Hari ng mga hari.
- Pagmasdan ang kanyang mga gawa: iniibig niya tayo; pinalaya tayo sa ating mga kasalanan; ginawa tayong isang liping maharlika upang maglingkod sa Diyos (mga pari); darating siyang nasa mga alapaap (tulad ng sa Unang

Pagbasa, tulad ng Anak ng Tao).

- Iba pang mga titulo: Ang Alpha at ang Omega (ang una at huling titik ng alpabetong Griyego). Siya ang pinagmumulan ng lahat ng oras; siya ang nagmamay-ari nito; siya’y walang simula ni wakas; siya’y narito na bago pa man magkaroon ng simula; siya’y mananatiling siya kahit matapos na ang makamundong oras. Lahat ng ito’y tumutukoy sa Diyos.

#### **PAGNINILAY**

Si Hesukristo ay ang puno’t dulo ng panahon (kahapon, ngayo at bukas). Ang pagkaintindi natin na panahon ay ang ating kaligtasan.

Niligtas tayo Niya sa nakaraang panahon, at patuloy niya tayong nililigtas; ililigtas Niya tayo sa hinaharap, sa pagbabalik Niyang muli.

Mahalagang binibigyan natin ng pansin ang kanyang mga titulo na nabanggit sa pagbasa. Hindi lang ito mga titulo na nakakabit sa kanyang pangalan ngunit mga tunay na pagsasalawanan ng kanyang pagkatao, na nagpapahayag ng kanyang kapangyarihan at kaluwalhatian dito sa mundong ibabaw.

Si Hesukristo ang natatanging makapangyarihan at sa kanya ang tanging kamamahalaan.

Sundin natin Siya.

#### **MABUTING BALITA (Jn 18:33b-37)**

<sup>33</sup>NOONG panahong iyon, itinanong ni Pilato kay Hesus, “Ikaw ba ang Hari ng mga Judio?” <sup>34</sup>Sumagot si Hesus, “Iyan ba’y galing sa inyong sariling isipan, o may nagsabi sa inyo?” <sup>35</sup>“Ako ba’y Judio?” tanong ni Pilato. “Ang mga kababayan mo at ang mga punong saserdote ang nagdala sa iyo rito. Ano ba ang ginawa mo?” Sumagot si Hesus, <sup>36</sup>“Ang kaharian ko’y hindi sa sanlibutang ito. Kung sa sanlibutang ito ang aking kaharian, ipinakipaglaban sana ako ng aking mga tauhan at hindi naipagkanulo sa mga Judio. Ngunit hindi sa sanlibutang ito ang aking

kaharian!”<sup>37</sup> “Kung gayon, isa kang hari?” sabi ni Pilato. Sumagot si Hesus, “Kayo na ang nagsasabing ako’y hari. Ito ang dahilan kung bakit ako ipinanganak at naparito sa sanlibutan: upang magsalita tungkol sa katotohanan. Nakikinig sa aking tinig ang sinumang nasa katotohanan.”

Tema: **Ang Pagkahari ni Hesus**

### PAGPAPALIWANAG

- Ang pagbasang ito ay isang usapan sa pagitan ng isang dekanong (*prefect* sa wikang Ingles; isang gobernador) at ni Hesus, ang “hari ng mga Judio.”
- Ito’y isang pag-uusap sa pagitan ng isang taong namamahala sa isang bahagi ng daigdig at ng siyang nagmamay-ari ng sansinukob. Ang kaharian ni Hesus ay hindi nasasaklawan ng pamamahala ni Pilato o ng kung sinumang hari sa mundo.
- Ang pag-uusap na ito’y hindi naman talaga maituturing na isang “pag-uusap” sapagkat ‘di nauunawaan ni Pilato si Hesus. Ang tinutukoy ni Hesus ay higit pa sa mga makamundong bagay subalit nakapako ang isip ni Pilato sa konsepto ng makamundong hari na namamahala sa isang maliit na teritoryong ipinagkatiwala ng Emperador ng Roma.
- Inamin ni Hesus na siya nga’y isang hari ngunit ‘di siya naintindihan ni Pilato.
- ‘Di tulad ni Pilato, nauunawaan natin ang mga salita ni Hesus sapagkat handa tayong maniwala na ang kanyang kaharian ay hindi sa sanlibutang ito.
- Dumating si Hesus bilang hari upang “magsalita tungkol sa katotohanan” (upang maglingkod sa katotohanan).
- Ano nga ba ang katotohanan? Ang katotohanang tinutukoy dito ay ang sarili mismo ni Kristong ipinadala ng Ama upang iligtas tayo.

- Kinakailangan niyang magsalita upang maganap ang kanyang misyon mula sa Ama.
- Ang hamon sa atin ay makinig sa kanya

### PAGNINILAY

Napakahirap maunawaan ang pagkahari ni Hesus kung ang ating konsepto ng isang hari ay yaong makamundong pananaw.

Ang pagkahari ni Hesus ay hindi isang pulitikal na paghahari sapagkat hindi ito nalilimitahan ng isang partikular na teritoryo, lahi, pananaw o ideyolohiya.

Ipinahahayag ng Ebanghelyo ang pagiging “‘di sa sanlibutang ito” ni Hesus. Ang kanyang kaharian ay nasa espirital na nibel kung kaya’t ‘di ito mapapantayan ng alinmang kapangyarihan sa mundong ito na naniniwala na sila ang pinakamakapangyarihan sa lahat.

Mas mauunawaan natin ito kung uunawain din natin kung paanong ang mga “hari” ng ating mundo ay namamahala: ang kanilang salita ay batas na ‘di mababali; may sarili silang sistema ng katarungan na maari nilang baguhin ayon sa kanilang nais hindi sa kalooban ng Diyos (na siyang ipinahayag sa atin ni Hesus). Naniniwala silang habang nasa kanila ang kapangyariha’y walang makahihigit sa kanila kaya’t itinuturing nila ang kanilang mga sarili bilang mga diyos.

Madali sa ating mga Kristiyanong tanggapanin si Kristo bilang hari.

Ngunit nahhirapan tayong unawin ang konsepto ng pagkaharing ito.

May malaking epekto ito sa ating pagiging mga alagad ni Kristo.

## II. PAG-UUGNAY

Kailangan nating tanggapanin at maunawaan ang pagiging hari ni Kristo.

Inilalarawan ng Unang Pagbasa ang “Anak ng Tao” na bumaba mula sa langit, nang may buong kapangyarihan at kapamahalaan mula sa Diyos, higit pa kaysa sa lahat ng hari sa sanlibutan.

Ang kalubusan ng kapangyarihan ni Hesus bilang hari naman ang pinagtutuunang-pansin ng Ikalawang Pagbasa. Ito’y ‘di nasasaklaw ng oras at ng mga lupain. Ang kanyang paghahari ay walang hanggan.

Ipinakikita naman ng Ebanghelyo ang pagkahari ni Kristo, sa harap ng isang mababang uri ng kapangyarihan (makamundo), na siyang magpapataw sa kanya ng parusang kamatayan.

### III. SALAMIN NG BUHAY

1. May nagaganap pa rin bang mga prosesyon sa mga parokya tuwing Kapistahan ng Kristong Hari? Anu-ano ang nasisilayan natin sa ritwal na ito, mga dasal o mga mensahe? Ano ang kabuluhan ng piyestang ito sa ating parokya?

2. Bilang mga nahalal na tagapamuno sa iba’t ibang organization o komite sa parokya, sinisikap ba natin na mapag-usapan ang pagtataguyod ng katotohanan. Tayo ba ay mahilig sa fake news para sa isang press release?

3. Ipalawanag: Ang pamumuno sa pamamagitan ng patotoo. (HM)


**- Pagpapaliwanag: Fr. Cielo Almazan, OFM**  
-Isinalin ni Cl. Jhon Fred Caranzo, SSP

*(Pangwakas na Panalangin)*

**Kung nais po ninyong makatulong sa ating *Biblical Apostolate*, maari pong magdonate ng *legal size na bond paper* sa:**

ST PAULS Ads and Promo Office c/o **Rizaldy Cruz**  
7708 ST PAUL Road, San Antonio Village, Makati City  
Tels: 895-37-16; 890-7130

### ST PAULS SEASONALS 2019



#### PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

*Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara nang sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.*

#### PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinasasalamatang dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maalala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin.  
*Luwalhati...* (mula sa *Prayers of the Pauline Family*)